Name: ______________________________________ Grade: ____________

Basahin at unawin mabuti. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Si Charlie Mae ay isang CEO ng isang kompanya at patuloy tumataas ang kanyang suweldo.

Madalas na bumibili ng magagandang damit, sapatos, pabango, at alahas tuwing tumatanggap siya ng sahod. Ano ang pahayag ni John Maynard Keynes na naglalarawan sa sitwasyon?

A. Ang pagkonsumo ng tao ay naayon sa kanyang kakayahan.

B. Habang lumalaki ang kita ng tao mas binibigyang pansin ang luho.

C. Inuunang bilhin ang pangunahing pangangailangan sa bawat pagtanggap ng kita.

D. Maraming nais bilhin ang tao habang siya ay kumikita.

2. Kung ang malaking kita ay nagpapalaki ng pagkonsumo, ang paglaki naman ng pagkonsumo ay

A. nagdudulot ng pagdami ng bagong nagtitinda

B. nagdudulot ng pagdami ng nais bumili ng produkto

C. nagdudulot ng pagkakaroon ng kompetisyon

D. nagdudulot ng pagtaas ng presyo ng produkto

3. Bawat tao ay bumibili at gumagamit ng produkto o serbisyo na magbibigay ng kasiyahan sa tao.

A. pagkonsumo B. paggawa C. panic buying D. pagsulong

4. Tumaas ang pagkonsumo ni Charles Jim sa produktong alcohol at face mask dahil nabalitaan niya na tataas ang presyo nito sa susunod na lingo. Anong salik ng pagkonsumo ito?

A. edukasyon B. kita C. presyo ng produkto D. inaasahan

5. Ang_______ay ang nagdidikta sa paraan ng pagkonsumo ng bawat tao.

A. kita B. badyet C. presyo D. purchasing power

6. Ang magkaibigan ay pumasok sa restaurant at kumain. Anong uring pagkonsumo ito?

A. Mapanganib B. maaksaya C. produktibo D. tuwiran

7. Dahil limitado ang badyet ni CJ, madalas ay inuuna niyang bilhin ang mga bagay na mahalaga kumpara sa mga luho lamang. Anong pamantayan ng mamimili ang taglay ni CJ?

A. makatuwiran B. mapanuri C. maalam D. matalino

8. Ito ay isang tao, pangkat ng tao o institusyon na nagsasagawa ng pagkonsumo.

A. entrepreneur B. korporasyon C. mamimili D. partnership

9. Ipinapakita ang paraan ng paggamit at pakinabang sa produkto. Anong salik ito na nakakaaapekto sa pagkonsumo?

A. bandwagon B. brand C. islogan D. demonstration effect

10. Sinusuring mabuti ang kalidad o uri ng produkto kaysa sa paraan ng pag-eendorso ng isang artista. Anong pamantayan sa pamimili ito?

A. Hindi nagpapadala ng anunsyo

B. hindi nagpaparesyur

C. May preference

D. may kahandaan

LIVEWORKSHEETS